NANCY BARGMANN
*DIREKTOR*

Estado ng California—Ahensya ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao
**Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
(Department of Developmental Services)**
1215 O Street, Sacramento, CA 95814
www.dds.ca.gov

GAVIN NEWSOM
*GOBERNADOR*

Hulyo 2024

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: SELF-DETERMINATION PROGRAM: TAUNANG ULAT NG REGIONAL CENTER SA LOKAL NA BOLUNTARYONG KOMITE SA PAGPAPAYO (LOCAL VOLUNTEER ADVISORY COMMITTEE)

Noong Hulyo 2021, inamyendahan ng Developmental Services Budget Trailer Bill, AB 136 (Chapter 76, Statutes of 2021) ang Welfare and Institutions Code (WIC), Section 4685.8(w)(1) upang isama ang mga karagdagang kinakailangan para sa komposisyon ng komite ng Self-Determination Program (SDP) Local Volunteer Advisory Committee ng regional center. Ang layunin ng sulat na ito ay magbigay ng gabay sa pagpapatupad ng mga kinakailangang ito.

**Ulat ng Regional Center sa Local Volunteer Advisory Committee (LVAC)**

Ang mga kinakailangan para sa komposisyon ng komite ng LVAC ay ang sumusunod:

1. Ang regional center at ang Konseho ng Estado sa Mga Kapansanan sa Pag-unlad ay bawat isang maghihirang ng kalahati ng mga miyembro ng komite, na dapat binubuo ng mga indibidwal na pinaglilingkuran, mga miyembro ng pamilya, iba pang mga tagapagtaguyod, at mga pinuno ng komunidad.
2. Bilang karagdagan sa mga hinirang na miyembro ng komite tulad ng inilarawan sa itaas, isasama ng komite ang tagapagtaguyod ng mga karapatan ng mga kliyente ng regional center at isang kinatawan mula sa isang family resource center.
3. Ang mayorya ng komite ay magiging mga indibidwal na pinaglilingkuran at mga miyembro ng kanilang pamilya.
4. Dapat sumalamin sa komite ang mga tao mula sa iba't ibang kultura at iba't ibang lugar ng catchment area ng regional center.

Inaatasan ng batas ang mga regional center na taunang kumpirmahin sa pamamagitan ng pagsulat, na ang LVAC ay nakatutugon sa mga sumusunod na kinakailangan na naaayon sa batas:

1. Ang pangalan ng bawat miyembro ng komite, ang posisyong ayon sa batas na pinupunan nila sa komite, at kung aling entidad ang nagtalaga sa kanila sa komite,
2. Ang pangalan at titulo ng trabaho ng regional center liaison sa LVAC, at
3. Isang paglalarawan sa kung paano sumasalamin sa bumubuo sa komite ang iba't ibang kultura at mga tao mula sa iba't ibang lugar ng catchment area ng regional center.

Isang platform sa pag-uulat ang ibibigay ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Kagawaran) sa mga regional center bago ang takdang petsa. Hanggang Agosto 1, 2024, at kada taon, ang mga regional center ay magsusumite ng kanilang ulat sa Kagawaran sa sdp@dds.ca.gov.

Kung ang mga kalahok at/o kanilang mga pamilya ay may mga tanong tungkol sa sulat na ito, dapat silang makipag-ugnayan sa regional center. Ang mga tanong mula sa mga regional center ay dapat idirekta sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

*Pinirmahan ang orihinal ni:*

BRIAN WINFIELD
Chief Deputy Director

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad
Nancy Bargmann, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Carla Castañeda, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Ernie Cruz, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Jim Knight, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Kathleen Dempsey, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad